THE TAMARAO JOURNAL

WHAT'S INSIDE?

3 INVESTITURE RITES OF FR. RENATO A. TAMPOL, SVD, PHD

VOLUME 2 No. 42

Aug. 28, 2023 - Sept. 03, 2023

# 16th BUNTIS CONGRESS

NAGHATID ng saya, kaalaman at serbisyo publiko sa halos 300 pregnant and lactating momshies ang pamahalaang lungsod sa pamamagitan ng City Health and Sanitation Department sa pamamahala ni Dr. Basilisa Llanto – Cit Health Officer, huling araw ng Agosto sa Nuciti Mall Activity Area sa isinagawang Buntis Congress.

Atensyon at kaalamang TAMA, na magreresulta sa malusog at ligtas na kalagayan ng bawat ina at kanilang sanggol na nasa sinapupunan — ito naman ang naging punto ni Calapan City Mayor Malou Flores-Morillo sa kanyang ibinahaging mensahe. Dagdag pa ng Alkalde, hangad niya na tuluyan ng maiwasan ng bawat bata at momshies ang panganib na kakambal ng kanilang kalagayan.

Tunay na mapalad naman ang mga naroroon sa nasabing Buntis Congress sapagkat naging makabuluhan at siksik ang talakayan at testimonial na kinapalooban ng mga topics gaya ng What Pregnant and New Moms should know about Oral Health, Breastfeeding, Responsible Parenthood and Family Planning at Nutrition in Pregnancy, na ibinahagi ng piling speakers na kinabibilangan naman nina Benedick Masangkay – DMD OMDC President, Ms. Sharlaine Cantos RND Nutritionist I, at Jackielyn Babes Dilodilo Founder Padede Moms of Oriental Mindoro.

Pagpapahalaga sa kalusugan ng bawat mommy, para sa kaligtasan ni baby — ito naman ang binigyang diin ni Dr. Llanto sa kanyang ibinahaging mensahe. Samantala, ayon naman kay Dr. Ma. Teresita N. Bolor RHP/City Population and Development Officer-designate, *"Batid naming na Bukod sa inyong pangangalagang pansarili, bilang babae ay abala din kayo sa pangangailangan ng inyong pamilya, kaya narito kami ngayong araw para makapaghatid ng mga makabuluhang tips at ma paalala".*

Personal ding nakiisa si Konsehala Abo-Ganda Atty. Jel Magsuci sa nasabing Buntis Congress na nagbahagi naman ng kanyang personal na karanasan bilang isang ina.

Samantala, ikinagalak din ng bawat momshies ang Laboratory Buntis Package Coupon at Oral Prophylaxis Coupon gayundin ang NDSP food packs at buntis kits na kanilang natanggap mula sa pamahalaang lungsod.

Dedikasyon at kagustuhang makapaghandog ng kalingang may puso, ito ang nagtulak sa ating mga city doctors at city dentists sa patuloy na pagsasagawa ng mga programang gaya nito na tunay namang para sa pangkabuoang kalusugan ng taumbayan.

Naging highlight din ng Buntis Congress 2023 ang isinagawang SABAYANG HAKAB na hakbang upang maimulat ang bawat isa ng kahalagahan ng breastfeeding. (Kate Rondilla Redublo/ CIO).







THE TAMARAO JOURNAL

TAMARAO JOURNAL NEWS PUBLISHING HOUSE
PUBLISHER

RUEL T. LANDICHO
PUBLISHER/ OWNER

RAIA JENNIFER E. DELA PENA
EDITOR IN CHIEF

MARIA GLENDA LANDICHO
OPERATIONS AND CIRCULATION MANAGER

JACQUILOU LIRIO
ANTON VIKTOR LANDICHO
STAFF WRITERS

MARCUS A. NEGADO
LAY-OUT ARTIST / GRAPHIC DESIGN

REYMUND AL USSAM
LEGAL CONSULTANT

THE TAMARAO JOURNAL IS A WEEKLY NEWSPAPER CIRCULATING IN THE PROVINCE OF ORIENTAL MINDORO, ISSUED EVERY MONDAY. OFFICE: IBABA WEST, CALAPAN CITY, OR. MIN. CONTACT: 09175668361
EMAIL ADD: tamaraojournal@gmail.com

WEBSITE: WWW.TAMARAOJOURNAL.COM



TINGNAN: Maasahan at episyenteng supply ng kuryente na may tamang boltahe ang inaasahang dadaloy sa kabahayan at establisyimento sa bayan ng Naujan at ilang lugar sa Calapan City matapos pormal na pasinayahan ang bagong 10MV A Naujan Substation sa Barangay Pinagsabangan II ng bayang ito noong Agosto 29.

Pinangunahan ni ORMECO General Manager, Engr. Humphrey Dolor katuwang si Governor Bonz Dolor at Naujan Municipal Administrator, Stephanie Teves Wong ang pagpapasinaya sa naturang proyekto.

Sa ginawang presentasyon ng ORMECO, ang proyektong ito ang reresolba sa "voltage issue" sa bayan ng Naujan upang hindi na mangyari pang muli ang insidente ng pagkasira o pagkasunog nito. Matatandaang nasunog ang kaparehong substation na 5MVA noong Mayo 31, 2023 na nagdulot ng biglaang total power interruption sa bayan ng Naujan at Victoria.


Samantala, nagpahayag naman ng kagalakan ang Punong lalawigan sa naisakatuparang proyektong ito ng naturang kooperatiba na aniya ay malaking tulong upang maiwasan ang palagiang power interruption sa naturang bayan. Ipinaabot din ni Gobernador Bonz sa pamunuan ng ORMECO na kaisa nito ang Pamahalaang Panlalawigan sa layuning mas pagbutihin pa ang serbisyo ng kuryente sa lalawigan. *"Lahat ng problema kayang solusyunan basta sama-sama,"* aniya pa.

Masaya ring ibinalita ng Punong Lalawigan na mapapasimulan nang mapailawan ang mga sitio at iba pang lugar sa lalawigan na hanggang ngayon ay wala pa ring supply ng kuryente matapos siyang makipag-ugnayan kay National Electrification Administration (NEA) Administrator Antonio Mariano C. Almeda.

Samantala, sa kanyang pagtatapos, ipinahayag nitong may 100 kaban ng bigas ang kanyang inilaan para sa mga magiging katuwang ng ORMECO sa pagsasagawa ng clearing operation bilang food for work. Partikular na isinasagawa sa clearing operation ang pag-aalis ng mga nakalaylay na sanga ng mga puno malapit sa linya ng kuryente lalo na sa mga liblib na lugar na siyang malimit na nagiging dahilan ng mga biglaang pagba-brownout. (PIO Calapan)








**For you commercial print needs!**
**Books, yearbooks, marketing collaterals**
**www.sinagprintingpress.com**
**sinagprinting@gmail.com / 09175668361**

# INVESTITURE RITES OF FR. RENATO A. TAMPOL, SVD, PHD

DINALUHAN ni City Mayor Marilou Flores-Morillo ang opisyal na pagtatalaga kay Fr. Renato A. Tampol, SVD, PhD bilang bagong Presidente ng Divine Word College of Calapan noong ika-29 ng Agosto.

*"You were chosen by God and the Divinistas because they believe in you and your leadership. Naniniwala ako na marami kang magagawa para sa kabataan, para sa mga divinista. Kasama po Ninyo ako at ang Pamahalaang Lungsod ng Calapan sa Pagsusulong ng de kalidad na edukasyon sa ating Lungsod,"* – mensahe ng pagbati ni Mayor Morillo para kay Fr. Tampol.

Aniya, nagsisimula pa lamang ang DWCC bilang Mindoro Junior College, nakita niya ang progresibong pag-unlad ng institusyon at bilang isang dugong Divinista, lubos na ikinagalak ni Mayor Morillo na nasaksihan noon ang pagtatalaga ng ika-30 Presidente ng DWCC.

Dumalo din sa nasabing gawain sina Governor Humerlito Bonz Dolor, Jerome A. Marquez, SVD – Provincial Superior of SVD Philippine Central Province, Fr. Crispin A. Cordero, SVD – DWCC Past President kasama ang iba pang mga miyembro ng pamunuan at stakeholders ng DWCC (Thea Marie J. Villadolid/CIO).



# TALAKAYAN SA PAGITAN NG PAMAHLAANG LUNGSOD AT SECTORAL REPRESENTATIVES NG BRGY. NAG-IBA II

SA direktiba ni City Mayor Marilou Flores-Morillo, nagkaroon ng pagtitipon ang mga kinatawan ng iba't ibang sektor ng pamayanan ng Nag-Iba II upang personal nilang mailapit ang mga pangangailangan at katanungan sa Pamahalaang Lungsod, Agosto 30.

Magkakasama namang humarap sa taumbayan sina Mayor Morillo, City Councilor Atty. Jel Magsuci, Serbisyong TAMA Program Administrator Joseph Dytioco, Engr. Jasper Adriatico ng City Agricultural Services Department, Fisheries and Management Office OIC Robin Clement Villas, Community Affairs Office Head Avelino Tejada, at National Federation of Senior Citizens of the Philippines Secretary General Oscar Ricaflanca.

Ilan nga sa mga tinalakay ay ang pagkakaroon ng mga anomalya sa listahan ng mga fisherfolks lalo na ang pagkawala sa listahan ng mga tunay na mangingisda, suliraning kinakaharap ng mga magsasaka — ang tagtuyot, pagkuha ng mga dokumento para mapabilang sa samahan ng kababaihan, mga benepisyo at karapatan ng mga Senior Citizens at Persons with Disability, at iba pang tulong na ibinibigay ng Pamahalaang Lungsod.

Naging bukas din ang talakayan sa mga suhestyon mula sa mga mamamayan — kung ano ang naiisip nilang interbensiyon, at mga programang pangkabuhayan para sa ikauunlad ng kani-kanilang samahan.

Para kay Mayor Morillo, nararapat lamang na ang mga programa ay angkop at makatutugon sa tunay na pangangailangan ng mamamayan. Sa kabila ng mga suliranin, mas namutawi ang pagsusulong ng kaalwanan dahil sa kagustuhan na pakinggan ang boses ng Calapeño (Thea Marie J. Villadolid/CIO).






THE TAMARAO JOURNAL

VOLUME 2 No. 42 Aug. 28, 2023 - Sept. 03, 2023

MSP GAS RETAILING STATION

Gasolina at Krudo,
Sigurado at Garantisado

BARANGAY GULOD,
CALAPAN CITY, OR. MINDORO
CONTACT: 09295453013

# *PAMAHALAANG LUNGSOD NG CALAPAN, NAKIISA PARA SA PAGDIRIWANG NG IKA-56 NA ANIBERSARYO NG PAGKAKATATAG NG ASEAN*

NAKIISA ang Pamahalaang Lungsod ng Calapan para sa pagdiriwang ng ika-56 na Anibersaryo ng Pagkakatatag ng ASEAN (Association of Southeast Asian Nations) na may temang *"ASEAN Matters: Epicentrum of Growth"*, sa pamamagitan ng pagsusuot ng mga kasuotan ng iba't ibang bansang kasapi ng ASEAN, sa pangunguna ni City Mayor Marilou Flores-Morillo, at City Administrator, Atty. Reymund Al F. Ussam, kasama ang mga Konsehal na mula sa Sangguniang Panlungsod, mga Hepe ng iba't ibang departamento ng Pamahalaang Lungsod, gayundin ang mga kawani nito, ginanap noong ika-29 ng Agosto.

Tampok sa isinagawang aktibidad na ito ang kinatawan ng bawat departamento at opisina ng Pamahalang Lungsod at Sangguniang Panlungsod, kung saan taas noo at buong pagmamalaki nilang ibinida sa madla ang kanilang mga sarili sa pamamagitan ng kanilang mga naggagandahang mga kasuotang hango sa ASEAN (Cedric Errol A. De Guzman/CIO).





